

OPISYAL NA PAHAYAG

Abril 1, 2021

Kontak: John Gross, Direktor ng Pamamahala sa Pananalapi, 562.570.6427,
John.Gross@longbeach.gov

Para sa Agarang Pahayag

Ang Lungsod ng Long Beach ay Naglulunsad ng Bagong Plano Para sa COVID-19 na isang Programa na Makakaginhawa sa Pagbabayad

Nagpapalawak Din ang Programa para sa Kaginhawahan sa Negosyo at mga Residente

Long Beach, CA - Ang Lungsod ng Long Beach ay naglunsad ng isang bagong Covid-19 Relief Payment Plan Program sa mga naapektuhan ng pandemyang Covid-19 na nagbibigay sa negosyo sa Long Beach at mga residente ng isang pagkakataong magbayad ng kanilang natitirang balanse.

COVID-19 Relief Payment Plan Program

Ang [Long Beach COVID-19 Relief Payment Plan Program](#), na binubuo ng mga kawani ng lungsod at naaprubahan ng Konseho ng Lungsod ng Long Beach noong [March 9](#), ay bahagi ng patuloy na pangako ng Lungsod na magbigay ng suporta at mga mapagkukunan sa mga negosyo at residente na kritikal na naapektuhan ng pandemya. Pinapayagan ng programa ang mga kalahok ng pagkakataon na magbayad ng walang interes o penalty hanggang sa ika-18 na buwan para sa mga sumusunod:

- **Nauugnay sa Negosyo at Pangkalahatang mga Bayarin** - Ang mga residente at mga negosyante ay maaaring mag-aplay para sa tulong sa plano sa pagbabayad para sa mga buwis sa negosyo at pangkalahatang bayarin (kasama ang mga bayarin sa lisensya sa negosyo, mga bayarin sa maling alarma, bayarin sa kalusugan, at bayarin sa kaluponan ng polisya) na sinisingil sa pagitan ng Marso 16, 2020 at Hunyo 30, 2021. Maaaring gawin ang pagpapatala sa mga

panahon ng Hulyo 1 hanggang Agosto 13, 2021. Para sa karagdagang impormasyon, maaaring mag-email ang mga may-ari ng negosyo at residente sa FM-CityCollections@longbeach.gov o tumawag sa 562.570.7600.

- **Sitasyon sa mga Paradahan –** Ang programang ito ay para sa mga taong nagkaroon ng mga sitasyon sa paradahan at kulang sa mga mapagkukunan pera upang magbayad ng multa. Ang mga kwalipikadong residente ay maaaring mag-[apply](#) para sa tulong sa plano sa pagbabayad para sa lahat ng mga sitasyon sa paradahan na inisyu sa pagitan ng Marso 16, 2020 at Marso 31, 2021, at ang Lungsod ay lilikha ng mga indibidwal na mga plano sa pagbabayad na hindi kasama ang mga huling bayarin o interes na singil hanggang sa ika 18 buwan. Ang pagpapatala ay tatakbo mula Abril 1 hanggang Mayo 17, 2021. Para sa mga karagdagang impormasyon, ang mga tao ay maaaring mag-email sa FM-ParkingCitation@longbeach.gov o tumawag sa 562.570.6822.

Pagpapalawak ng mga Umiiral na mga Programa para sa Kaluwagan

Bilang karagdagan sa bagong Covid-19 Relief Payment Plan Program, ang lungsod ay nagpapalawak din ng mayroon nang mga pagpapaliban at Relief Program para sa mga negosyo at residente ng Long Beach.

- Ang Long Beach COVID-19 Business Tax at ang Fee Payment Deferral Program, na nagbibigay na ng mga pagpapaliban sa pagbabayad para sa iba't ibang mga buwis sa lisensya sa negosyo at bayarin sa kalusugan at sunog para sa negosyo sa Long Beach na kritikal na naapektuhan ng Covid-19 ay nakatakdang magtapos sa Marso 31 ngunit pinalawig muli hanggang Hunyo 30, 2021.
 - Ang mga negosyong mayroon pang natitirang bayaring buwis ay hinihikayat na lumahok sa bagong Covid-19 na Programa sa Relief Payment Plan sa pagdating sa Hulyo upang mabayaran nila ang mga natitira pang balanse sa paglipas ng panahon na walang penalty at interes. Ipapadala sa mail sa mga negosyo ang mga espesyal na mga paunawa na may impormasyon upang lumahok sa Programa ng Covid-19 Relief Payment Plan na may natitira pang mga balanse sa Mayo. Para sa mga karagdagang impormasyon, ang mga negosyante ay maaaring mag-email sa FM-CityCollections@longbeach.gov o tumawag sa 562.570.7600.

- Pinalawak din mula Marso 31 hanggang Hunyo 30, 2021 ang Street Sweeping Relief Program ng Lungsod na nagbibigay ng libreng pansamantalang mga permiso sa paradahan para sa mga tao sa mga lugar na apektado ng kakulangan ng paradahan. Ang programa ay nagbibigay din ng ilang kaluwagan sa mga kwalipikadong indibidwal na naapektuhan ng mga sitasyon ng paradahan sa kalsada na inisyu sa pagitan ng Marso 16, 2020 at Hunyo 30, 2021 na nahaharap sa mga paghihirap sa pananalapi dahil sa pandemya. [Temporary parking permits](#) ay magbibigay ng kaluwagan para sa mga nakakaranas ng paghihirap at naapektuhan ng mga sitasyon ng paradahan sa Street Sweeping upang payagan ang mas mabisang pagwawalis sa kalye na isang mahalagang serbisyong pangkalusugan para sa Lungsod.
 - Ang mga residente sa mga lugar na apektado ng paradahan ay pinaalalahanan na samantalain ang mga libreng oportunidad sa paradahan ng lungsod o maghanap ng mga kahaliling solusyon upang iparada ang kanilang mga sasakyan sa mga araw na nagwawalis sa kalye.
 - Para sa mga karagdagang impormasyon tungkol sa tulong sa sitasyon, ang mga residente ay maaaring mag-email sa FM-ParkingCitation@longbeach.gov o tumawag 562.570.6822.

Para sa mga higit pang impormasyon tungkol sa iba't ibang mga serbisyo at rekurso na inaalok ng lungsod sa mga apektado ng pandemya abeylabol sa pamamagitan ng pagtawag sa Resource Line ng Lungsod sa 562.570.INFO(4636), opsiyon 5.

Para sa mga karagdagang impormasyon tungkol sa mga ayuda at rekurso ay abeylabol sa [Business Support webpage](#) ng lungsod o sa pamamagitan ng pakikipag ugnay sa City's Business Hotline sa 562.570.4BIZ(4249).

Para sa mga bagong mga impormasyon sa COVID-19, kasama ang mga detalye sa lahat ng mga ginagawa ng Lungsod ng Long Beach upang mapanatili ang kaligtasan ng mga residente, bisitahin ang longbeach.gov/COVID19 at sundan ang @LongBeachCity on Facebook, Twitter and Instagram.

###